

Pag-iimpok Yugto 1

Genesis 41

Ang **Genesis 41** ay nagbibigay sa atin ng magagandang aral tungkol sa pag-iipon at tungkol sa porsyento ng ipon na kailangan nating itabi para sa hinaharap. Mula sa kilalang salaysay tungkol sa panaginip ni Faraon at sa katuparan nito, maaari tayong matuto ng magagandang aral tungkol sa pagpapalano sa buhay lalo na sa aspeto ng pananalapi at kung paano mamuhay sa karunungan ng Dios upang magkaroon tayo ng sapat sa panahon ng taggutom at maiwasan ang malugmok sa kakulangan. Basahin natin ang buong kabanata ng **Genesis 41** upang malaman kung paano ilapat ang mga tuntunin na nakapaloob dito.

“1 At nangyari, sa katapusan ng dalawang taong ganap, na si Faraon ay nanaginip: at, narito, na siya'y nakatayo sa tabi ng ilog. 2 At, narito may nagsiahon sa ilog na pitong bakang magagandang anyo at matatabang laman; at nanginain sa talahiban. 3 At, narito, na ibang pitong baka, na nagsiahon sa ilog na nasa likuran nila, mga pangit na anyo, at payat; at nagsihinto roon sa tabi ng mga unang baka, sa tabi ng ilog. 4 At ang pitong bakang magagandang anyo at matataba, ay nilamon ng mga bakang pangit ang anyo at payat. Sa gayo'y nagising si Faraon. 5 At siya'y natulog at nanaginip na bilang ikalawa; at, narito may sumupling na pitong uhay na mabibintog at mabubuti, na may isa lamang tangkay. 6 At, narito, may pitong uhay na payat at tinutuyo ng hanging silanganan, na nagsitubong kasunod ng mga yaon. 7 At nilamon ng mga uhay na payat ang pitong uhay na mabibintog at malulusog. At nagising si Faraon, at, narito, isang panaginip. 8 At nangyari, sa kinaumagahan, na ang kaniyang diwa ay nagulumihanan at siya'y nagsugo at kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang kaniyang panaginip: datapuwa't walang makapagpaliwanag kay Faraon. 9 Nang magkagayo'y nagsalita ang puno ng mga katiwala kay Faraon, na sinasabi, Naaalaala ko sa araw na ito ang aking mga sala: 10 Nguni't si Faraon laban sa kaniyang mga alila, at ibinilanggo ako sa bahay ng kapitan ng bantay, ako at ang puno ng mga magtitinapay. 11 At nanaginip kami ng panaginip sa isang gabi, ako at siya: kami ay kapuwa nanaginip ayon sa kapaliwanagan ng panaginip ng isa't isa sa amin. 12 At nandoong kasama namin ang isang binata, isang Hebreo, na alipin ng kapitan ng bantay; at siya naming pinagsaysayan, at kaniyang ipinaliwanag sa amin ang aming panaginip; ipinaliwanag niya ayon sa panaginip ng bawat isa sa amin. 13 At nangyari, na kung paano ang kaniyang pagkapaliwanag sa amin, ay nagkagayon; ako'y pinabalik sa aking katungkulan, at ipinabitin ang isa. 14 Nang magkagayo'y nagsugo si Faraon at ipinatawag si Jose, at siya'y inilabas na madalian sa bilangguan: siya'y nagahit at nagbihis ng suot, at naparoon kay Faraon. 15 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at walang makapagpaliwanag: at nabalitaan kita, na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipaliwanag mo. 16 At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, Wala sa akin; Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon. 17 At sinalita ni Faraon kay Jose, Sa aking panaginip ay narito, nakatayo ako sa tabi ng ilog: 18 At, narito, may nagsiahon sa ilog na pitong bakang matatabang laman at magagandang anyo, at nanginain sa talahiban: 19 At, narito, may ibang pitong baka na nagsiahon sa likuran nila, mga payat, at napakapangit ang anyo, at payat na kailan ma'y hindi ako nakakita sa buong lupain ng Egipto ng ibang kawangis ng mga yaon sa kapangitan. 20 At kinain ng mga bakang payat at pangit, ang pitong nauunang bakang matataba: 21 At nang kanilang makain, ay hindi man lamang maalaman na sila'y kanilang nakain; kundi ang kanilang anyo ay pangit ding gaya ng una. Sa gayo'y nagising ako. 22 At nakakita ako sa aking panaginip, at, narito, pitong uhay ay tumataas sa isang tangkay, mapipintog at mabubuti. 23 At, narito, may pitong uhay na lanta, mga pipi at tinutuyo ng hanging silanganan na nagsitaas na kasunod ng mga yaon: 24 At nilamon ng mga uhay na lanta ang pitong uhay na mabubuti: at aking isinaysay sa mga mago: datapuwa't walang makapagpahayag niyaon sa akin. 25 At sinabi ni Jose kay Faraon, Ang panaginip ni Faraon ay iisa; ang gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon: 26 Ang pitong bakang mabubuti ay pitong taon; at ang pitong uhay na mabubuti ay pitong taon; ang panaginip ay iisa. 27 At ang pitong bakang payat at mga pangit, na nagsiahong kasunod ng mga yaon ay pitong taon, at gayon din ang pitong uhay na tuyoy, na pinapaspas ng hanging silanganan; kapuwa magiging pitong taong kagutom. 28 Iyan ang bagay na sinalita ko kay Faraon: ang gagawin ng Dios, ipinaalam kay Faraon. 29 Narito, dumarating ang pitong taong may malaking kasaganaan sa buong lupain ng Egipto; 30 At may dadating, pagkatapos ng mga iyan, na pitong taong kagutom; at malilimutan iyang buong kasaganaan sa lupain ng Egipto; at pupuksain ng kagutom ang lupain; 31 At ang kasaganaan ay hindi malalaman sa lupain, dahil sa kagutom na sumusunod; sapagka't magiging napakahigpit. 32 At kaya't pinagibayo ang panaginip kay Faraon na makalawa, ay sapagka't bagay na itinatag ng Dios, at papangyarihin ng madali ng Dios. 33 Ngayon nga'y humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng Egipto. 34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. 35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan. 36 At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom. 37 At ang bagay ay minabuti ng mga mata ni Faraon, at ng mga mata ng kaniyang mga lingkod. 38 At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga lingkod,

Makakasumpong kaya tayo ng isang gaya nito, na taong kinakasihan ng espiritu ng Dios? 39 At sinabi ni Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo: 40 Ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang hari lamang magiging mataas ako sa iyo. 41 At sinabi ni Faraon kay Jose, Tingnan mo, ikaw ay inilagay ko sa buong lupain ng Egipto. 42 At inalis ni Faraon sa kamay niya ang kaniyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at siya'y sinuutan ng magandang lino at nilagyan siya ng isang kuwintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg; 43 At siya'y pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatangkilik ni Faraon at isinisigaw sa unahan niya. Lumuhod kayo: at inihalal siya na puno sa buong lupain ng Egipto. 44 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y si Faraon, at kung wala ka ay hindi magtataas ang sinomang tao ng kaniyang kamay o ng kaniyang paa sa buong lupain ng Egipto. 45 At pinanganlan ni Faraon si Jose na Zaphnath-paanea, at ibinigay na asawa sa kaniya si Asenath, na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto. 46 At si Jose ay may tatlong pung taon nang tumayo sa harap ni Faraon na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon, at nilibot ang buong lupain ng Egipto. 47 At sa pitong taong sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana. 48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawa't bayan ay inimbak sa bawa't kinauukulan ding bayan. 49 At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang. 50 At bago dumating ang taong kagutom ay ipinanganak kay Jose ang dalawang lalake, na ipinanganak sa kaniya ni Asenath na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. 51 At tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na Manases, sapagka't aniya'y, Ipinalimot ng Dios sa akin ang lahat ng aking kapagalan at ang buong bahay ng aking ama. 52 At ang ipinangalan sa ikalawa ay Ephraim: Sapagka't ako'y pinalago ng Dios sa lupain ng aking kadalambahatian. 53 At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain ng Egipto ay natapos. 54 At ang pitong taon ng kagutom ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose: at nagkagutom sa lahat ng lupain; datapuwa't sa buong lupain ng Egipto ay may tinapay. 55 At nang ang buong lupain ng Egipto ay magutom, ay dumaing ng tinapay ang bayan kay Faraon: at sinabi ni Faraon sa lahat ng mga Egipcio, Pumaroon kayo kay Jose; ang kaniyang sabihin sa inyo ay inyong gawin. 56 At ang kagutom ay nasa ibabaw ng buong lupa: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at nagbili sa mga Egipcio; at lumala ang kagutom sa lupain ng Egipto. 57 At lahat ng mga taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose upang magsibili ng trigo; sapagka't lumala ang kagutom sa buong lupa.” (Genesis 41:1-57 KJV)

Si Jose ay ipinadala sa Egipto nang ipinagbili siya ng kanyang mga kapatid bilang alipin. Pagdating niya sa Egipto, binili siya ng isa sa mga pinuno ni Faraon na kalaunan ang nagpatakbo sa kanya ng kanyang bahay. Habang siya ay tapat na nagtatrabaho sa bahay na iyon, gumawa ng salaysay laban sa kanya ang asawa ng kanyang amo na gusto niyang gahasain siya. Dahil sa bintang iyon, napunta si Jose sa bilangguan. Habang nasa bilangguan, pinagkalooban siya ng Dios ng kakayahan na magpaliwanag ng mga panaginip na sa huli'y nagpabuti sa kalidad ng kanyang buhay at naglabas sa kanya sa bilangguan.

Ang karunungan at talento na ibinigay sa atin ng Dios ay para hubugin ang ating kinabukasan. Mas maayos na pagpapalano ng ating buhay batay sa mga alintuntunin ng Bibliya ang magbubukas ng daan para mapaglingkuran natin ang Dios nang mabunga at mabuhay para sa Kanyang layunin nang mas epektibo.

Sa huli, natagpuan ni Jose ang kanyang sarili na nakatayo at nagsisilbi sa harap ni Faraon. **“29 Nakikita mo ba ang taong masipag sa kaniyang gawain? siya'y tatayo sa harap ng mga hari: hindi siya tatayo sa harap ng mga taong hamak.”** (Kawwikaan 22:29 KJV) Wala anuman sa kamay ni Jose noong panahong iyon, pero nagawa pa rin niyang magkaroon ng kapangyarihan at kayamanan dahil namuhay siya nang matalino, masipag sa kanyang negosyo, at banal sa kanyang pamumuhay.

Ang pagpapaliwanag ni Jose kay Faraon sa dalawang panaginip ay nakatulong sa kaniya na malaman na magkakaroon ng pitong taon ng kasaganaan kung saan magkakaroon sila ng malaking ani at kita, na susundan ng napakabigat na taggutom na magpapalimot sa mga tao sa pitong taong kasaganaan. **“31 At ang kasaganaan ay hindi malalaman sa lupain, dahil sa kagutom na sumusunod; sapagka't magiging napakahigpit.”** (Genesis 41:31 KJV) Ang paliwanag na ito ang kapahayagan mula sa Dios. **“16 At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, Wala sa akin; Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon.”** (Genesis 41:16 KJV)

Iminungkahi rin ni Jose kay Faraon ang diskarte na dapat gawin upang harapin ang taggutom. Una, ipinaliwanag niya kung paano haharapin ang pitong taong kasaganaan at pagkatapos ay kung paano haharapin at pamahalaan ang pitong taong matinding taggutom. Ibinigay ni Joseph sa kanya ang estratehiya mula sa Salita ng Dios at ibinunyag sa kanya ang kalooban ng Dios tungkol sa pamamahala sa taggutom. **Ang unang aral na natutunan natin mula sa ipinayo ni Jose kay Faraon ay nagsisimula sa pagtitipid kapag tayo ay may kasaganaan. Ang matagumpay at matalinong pamamahala ng mga tao sa darating na taggutom ay magsisimula sa panahon ng kanilang kasaganaan. Ang mga nagsisimulang magtipid kapag nagsimula nang sumapit ang taggutom ay**

haharap sa ganap na kabiguan. Kailangan nating ipatupad ang parehong estratehiya tulad ni Jose upang makaharap natin ang mga taggutom sa buhay; bago magsimula ang taggutom, kailangan nating maging handa sa ating mga ipon.

Basahin at unawain natin ang sinabi ni Jose kay Faraon: “33 Ngayon nga’y humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng Egipto. 34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. 35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan. 36 At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom.” (Genesis 41:33-36 KJV)

I. Ang pangangailangan para sa isang matalino at pantas na pinuno: “33 Ngayon nga’y humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng Egipto.” (Genesis 41:33 KJV) * Kapag ang pinuno ng pamilya o ng simbahan ay matalino at pantas, siya ay nagtatrabaho nang may konsensya. Ginagamit niya ang oras at mga yaman sa kanyang kapakinabangan, iniisip ang mga taong umaasa sa kanya. Ang matalino at pantas na mga pinuno ay nagtatrabaho para sa kasalukuyan at nakakamit ang magagandang bagay para sa hinaharap. * Ang isang pinuno na mahilig mag-ipon ay nagpapakita ng tunay na malasakit at may kakayahang makita ang hinaharap sa mata ng Dios at ng mga Banal na Kasulatan. Ang isang pinuno na walang pakialam sa pag-iipon ay hindi matalino at walang malasakit sa hinaharap.

II. Dapat maging tapat ang isang pangkat ng mga taong nakatuon sa pagtupad sa qanoong utos: “34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan.” (Genesis 41:34 KJV) * Dapat palaganapin ang kamalayan tungkol sa pag-iimpok at pagtitipid bilang mabubuting tagapangalaga ng lahat ng mga yaman na ibinigay at ibibigay pa ng Dios sa atin bilang pamilya at bilang simbahan, at isalin ito sa totoong ipon at pagtatabi para matugunan ang mga pangangailangan sa hinaharap. * Ang bawat miyembro ng simbahan at bawat manggagawa ay kailangang maipakita at maipaliwanag sa ganitong uri ng aral upang maiwasan ang masamang dulot ng maling pamamahala ng yaman. Tinuturuan at iniisa-isa ko ang lahat ng miyembro at manggagawa na makilala at isabuhay ang aral na ito. * Ipinakita ng mga sitwasyon at pangyayari ang panganib ng pagpunta sa buhay nang walang Bibilikal na gabay tungkol sa pag-iimpok.

Iminungkahi ni Jose kay Faraon na dapat siyang kumuha ng 1/5 ng lahat ng mga mayamang taon. “Kumuha ng paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan.” (Genesis 41:34 KJV) Ang halagang iyon ay katumbas ng 20% ng lahat ng kita sa lahat ng masaganang taon. Ang pagpapala ng Dios sa buhay ng simbahan at sa buhay ng bawat isa at bawat miyembro, manggagawa, o pamilya ay dadaan sa iba’t ibang panahon. Minsan may kasaganaan at minsan may kakulangan. Kaya nga, kailangan nating gamitin ang pagkakataon at hikayatin ang mga nasa ilalim ng pagpapala na mag-ipon para sa hinaharap upang maging handa sila sa panahon ng kakulangan.

Kinilala ni Jose ang kanyang pag-asa sa Dios kay Faraon para sa pagpapahayag ng panaginip. “16 At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, Wala sa akin; Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon.” (Genesis 41:16 KJV) Maingat niyang ipinaliwanag ang panaginip kay Faraon tulad ng ipinaliwanag ito sa kanya ng Dios. Kaya, madali nating masasabing ang solusyon na ibinigay ni Jose kay Faraon upang harapin ang pitong taong taggutom ay utos ng Dios at hindi kay Jose. Totoong natupad ito sa Kasulatan. “Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon.” (Genesis 41:16 KJV) Ipinapakita sa mga Kasulatan sa ibaba na hindi opinyon ni Jose ito kundi ng Dios. “25 At sinabi ni Jose kay Faraon, Ang panaginip ni Faraon ay iisa; ang gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon: 28 Iyan ang bagay na sinalita ko kay Faraon: ang gagawin ng Dios, ipinaalam kay Faraon. 39 At sinabi ni Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo.” (Genesis 41:25, 28, 39 KJV) Sa Genesis 41, Ipinapakita nito sa atin nang malinaw kung gaano karami ang kailangan nating ipunin. Kailangan nating mag-ipon ng hindi bababa sa 20% ng ating kita. Isang-ikalimang bahagi ng ating buong kita ay kailangan ilaan bilang ipon. Kung susundin natin ang Dios ngayon, makakatanggap tayo mula sa Dios ng ‘sagot ng kapayapaan’ sa panahon ng taggutom. Ngunit, kung susuway tayo sa Kanya at sa Kanyang mga utos, tayo ay kakainin ng taggutom.

III. Kailangang ihanda ang mga lugar para sa imbakan: “35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingatan.” (Genesis 41:35 KJV) Noong panahong iyon, nag-iimbak sila ng trigo sa mga imbakan para mapanatili itong buo sa mahabang panahon. Sa loob ng pitong taong kasaganaan, iniimbak ang mga trigo sa ganitong paraan at naging kapaki-pakinabang ito sa pitong taong taggutom. Ang dami na nakuha sa unang taon ay para kainin sa ikawalong taon, at ang dami na nakolekta sa ikapitong taon ay para kainin sa ika-14 na taon. Ngayon, kailangan at maaari nating ipunin ang ating kita sa anyo ng pera sa mga

bangko at sa angkop na pera na matatag at kilala sa buong mundo. Kailangan nating iwasang magpalit-palit ng pera para maiwasan ang pagkalugi sa proseso ng pagpapalit.

Kailangang ipunin ang pera sa mga bangko sa anyo ng fixed deposits sa loob ng takdang panahon para makakuha tayo ng interes mula rito. Bukod dito, dahil ito ay isang fixed deposit account, hindi natin madaling ma-access ang pera at makakaiwas tayo sa tukso na agad itong kunin at gastusin.

Tinuturuan ko ang aking mga disipulo at mga manggagawa na mag-ipon sa bangko, at tuwing makakakuha sila ng malaking halaga, iniutos ko sa kanila na ilagay ito sa mga time deposit pamamaraan.

IV. Maghanda ng estratehikong reserba: “36 At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom.” (Genesis 41:36 KJV) Pagdating sa matatag na kalagayang pinanalapi, kailangan nating magkaroon ng mga sumusunod na kaurian ng mga yaman:

- **Kaurian 1:** Kailangan nating magkaroon ng regular na halaga ng pera para sa pang-araw-araw na pamumuhay.
- **Kaurian 2:** Kailangan nating magkaroon ng regular na halaga ng pera para harapin ang mga kagyat na sitwasyon at mga kagipitan na dumarating sa buhay.
- **Kaurian 3:** Kailangan nating magkaroon ng sapat na halaga ng pera bilang reserba para sa hinaharap. Maaari natin itong tawaging estratehiyang nakalaan na gagamitin upang ang mga pamilya at ang simbahan ay hindi malugmok sa panahon ng matinding taggutom.

Ang lahat ng miyembro, mga manggagawa, at mga pamilya sa simbahan, pati na rin ang kaban ng simbahan, ay dapat sanayin at ihanda upang magkaroon sila ng lahat ng tatlong kaurian ng mga yaman.

Nang ipaliwanag ni Jose kay Faraon ang mga panaginip at ibinigay sa kanya ang tagubilin kung ano ang gagawin, nagpakumbaba si Faraon. “37 At ang bagay ay minabuti ng mga mata ni Faraon, at ng mga mata ng kaniyang mga lingkod.” (Genesis 41:37 KJV) * Ang solusyon sa lahat ng ating problema sa pera ay maging mapagpakumbaba at handang tanggapin ang mga utos na nagmumula sa Salita ng Dios. * Isa sa mga mahihirap na aral na ipinakilala ko sa Simbahan ng Dios ay ang aral tungkol sa pag-iipon. Ang dahilan nito ay nangangailangan ito ng tao na maging mapagpakumbaba, sumunod sa disiplina, at iwasan ang paglubog sa makamundong kasiyahan at pagsunod sa nakagawiang gawi. * Malaking tulong ito sa mga tao at sa simbahan sa mga araw ng taggutom na pinahintulutan ng Dios upang subukin at wastong hatulan ang ating pamamahala. Tunay na nagpaka-kumbaba sina Faraon at ang kanyang bayan. Sa katunayan, hindi lamang nila pinahalagahan ang ideya at ang paraan ng pagpapatupad nito, pinahalagahan at iginalang rin nila si Jose na nagturo sa kanila kung ano ang dapat gawin. “38 At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga lingkod, Makakasumpung kaya tayo ng isang gaya nito, na taong kinakasihan ng Espiritu ng Dios? 39 At sinabi ni Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo:” (Genesis 41:38-39 KJV) Kinilala ni Faraon na si Jose ay may “Espiritu ng Dios,” batay sa payo at tagubilin na natanggap nila mula sa kanya, na nakatanggap siya ng kapahayagan direkta mula sa Dios. Kapag nakikipag-usap ako sa mga tao tungkol sa pagtitipid, tinatanong nila ako, ‘Ito ba talaga ang gusto ng Dios na gawin natin?’ Ang totoo ay ganito: Kapag ang kayabangan at makamundong pamumuhay ang mga tao ang ganap na kumokontrol at umiiral sa kanilang makasariling pagnanais, ayaw nilang ipagpaliban ang kanilang sarili at ang mga bagay na nais nilang gawin. Handa si Faraon na magpakumbaba at handang isuko ang mga makamundong kasiyahan para mailigtas ang isa sa bawat lima (1/5) ng kita sa pagkain. * Ngayon, mariing tinutulan ng bayan ng Dios ang turo ng pagtitipid. Kaya, mas marami pang taggutom mula sa Dios ang paparating upang lamunin ang mga tumatangi na disiplinahan ang kanilang sarili upang makapag-ipon. * Hindi ako natatakot sa kahit sino man na maaaring mangutya sa akin kapag nagtuturo ako tungkol sa pangangasiwa at naglalagay ng diin sa pagtitipid. Ang dahilan ko para doon ay hindi lamang dahil itinuturo ito sa atin ng Kasulatan kundi pati na rin dahil sa aking karanasan sa mga taong nakaranas ng pagkabangkarote. Maraming beses na akong lumuha habang pinapanood ang mga pamilya at indibidwal na hindi nilalamon ng mga buwaya, leon, o ahas, kundi ng mga utang sa bangko at credit card.

“40 Ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang hari lamang magiging mataas ako sa iyo. 41 At sinabi ni Faraon kay Jose, Tingnan mo, ikaw ay inilagay ko sa buong lupain ng Egipto. 42 At inalis ni Faraon sa kamay niya ang kaniyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at siya’y sinuutan ng magandang lino at nilagyan siya ng isang kuwintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg; 43 At siya’y pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatangkilik ni Faraon at isinisigaw sa unahan niya. Lumuhod kayo: at inihalal siya na puno sa buong lupain ng Egipto. 44 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako’y si Faraon, at kung wala ka ay hindi magtataas ang sinomang tao ng kaniyang kamay o ng kaniyang paa sa buong lupain ng Egipto.” (Genesis 41:40-44 KJV)

Itinalaga ni Faraon si Jose sa gitna ng malaking karangalan sa buong lupain ng Egipto. Ito ay itinakda ng Dios upang isakatuparan ang Kanyang plano na ilagay ang buong lupain ng Egipto sa disiplina at sa mahalagang proyekto ng pagtitipid. Naramdaman at pinahalagahan ni Faraon ang kahalagahan ng ganitong proyekto para sa kanyang bansa. **Sa ngayon, maraming pamilya, marami sa mga naglilingkod sa Dios, at maraming simbahan, ang nakararanas ng taggutom, at nasa ilalim ng mabigat na pasanin ng utang na dulot ng kanilang pagsuway sa Salita ng Dios at kakulangan sa pagpapalano na makatipid ng 1/5 ng kanilang kita 'sa panahon mga taon ng kasaganaan'.**

“44 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y si Faraon, at kung wala ka ay hindi magtataas ang sinomang tao ng kaniyang kamay o ng kaniyang paa sa buong lupain ng Egipto.” (Genesis 41:44 KJV) Ang malaking kapangyarihang ipinagkaloob kay Jose ay isang pagkilala sa pagpapahalaga ni Faraon sa pahayag ni Jose mula sa Dios. Binigyan ni Faraon si Jose ng malayang pamamahala sa buong lupain ng Egipto at walang sinuman ang makakilos o makagalaw nang hindi niya pinahihintulutan. *** Ang ipon ng mga pamilya na bumubuo sa simbahan ay dapat nasa ilalim ng pagmamatyag at pagsusuri ng pinuno ng simbahan. Siya ang dapat magpahintulot o huminto sa paggamit ng estratehikong nakalaan. Ang pinuno ng mga pamilya ay dapat magpakita ng disiplina sa kanilang pananalapi at matutong kontrolin ang sarili upang hindi galawin at gamitin ang estratehikong nakalaan para sa bawat isa. * Ang pagbuo ng estratehikong nakalaan ay aabutin ng maraming taon. Nakita natin ito sa kaso ni Jose. Umabot ng pitong taon bago nakita ni Jose ang pagbuo ng estratehikong nakalaan para sa Egipto. Napakahalaga ng disiplina sa sarili simula sa yugto ng pagsisimula hanggang sa pagiging ganap nito.**

“45 At pinanganlan ni Faraon si Jose na Zaphnath-paanea, at ibinigay na asawa sa kaniya si Asenath, na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto.” (Genesis 41:45 KJV) Ang kahulugan ng Zaphnath-paaneah ay **'Kayamanan ng maluwalhating kapahingahan'.** Ang tamang pagba-budget at disiplinadong paggastos kasama ang angkop na pag-iipon ng isang bahagi ng ating kita (1/5) ay magbibigay sa atin ng **'sagot ng kapayapaan'** mula sa lahat ng suliraning pinanalapi.

Nag-asawa si Jose sa panahon ng pitong taong kasaganaan. **Magandang malaman na ang panahon ng kasaganaan ay panahon ng pag-aayos ng buhay at ang pag-aayos ng buhay ay ang pinakamagandang panahon para magsimula ng pamilya.** Nagkaroon siya ng dalawang anak na lalaki mula kay Asenath, ang kanyang asawa sa pitong taong kasaganaan. ***“50 At bago dumating ang taong kagutom ay ipinanganak kay Jose ang dalawang lalake, na ipinanganak sa kaniya ni Asenath na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. 51 At tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na Manases, sapagka't aniya'y, Ipinalimot ng Dios sa akin ang lahat ng aking kapagalan at ang buong bahay ng aking ama. 52 At ang ipinangalan sa ikalawa ay Ephraim: Sapagka't ako'y pinalago ng Dios sa lupain ng aking kadalambahatian.” (Genesis 41:50-52 KJV)*** Kung alam natin kung paano hawakan ang ating pananalapi sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Salita ng Dios at sa pagtuturo at disiplina ng simbahan tungkol sa pag-iimpok, magiging mabunga tayo sa lupang inilagay sa atin ng Dios. Bibigyan Niya tayo ng kakayahang makalimot sa lahat ng ating mga nakaraang paghihirap. Ang kaginhawaan sa pananalapi ay makakapagpagaan ng ating buhay.

“46 At si Jose ay may tatlong pung taon nang tumayo sa harap ni Faraon na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon, at nilibot ang buong lupain ng Egipto. 47 At sa pitong taong sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana. 48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawa't bayan ay inimbak sa bawa't kinauukulan ding bayan. 49 At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang.” (Genesis 41:46-49 KJV) Makakakuha tayo ng mga ideya para sa pagbuo ng estratehikong reserba mula sa buhay ni Jose mula sa mga puntos na binanggit sa ibaba:

A. Kasipagan mula sa murang edad: Nang tatlumpu lamang si Jose, nagsimula na siyang mangalap para sa estratehikong reserba. ***“46 At si Jose ay may tatlong pung taon nang tumayo sa harap ni Faraon na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon, at nilibot ang buong lupain ng Egipto.” (Genesis 41:46 KJV)*** Kailangan nating turuan at sanayin ang ating mga anak at disipulo na magsimulang mag-iimpok mula sa kanilang murang edad.

B. Gamitin ang pagkakataon na mag-ipon sa panahon ng kasaganaan: ***“47 At sa pitong taong sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana.” (Genesis 41:47 KJV)*** Maraming tao ang sinasayang ang mga yaman sa panahon ng kasaganaan, nang hindi alam na ang kanilang mga yaman ay mauubos rin balang araw.

C. Panatilihin ang mataas na antas ng disiplina at ipakita ang dedikasyon sa gawain na ipinaqkatiwala: Inipon ni Jose ang isang bahagi ng trigo na ibinigay ng lupa sa loob ng pitong mahabang taon. ***“48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawa't bayan ay inimbak sa bawa't***

kinauukulan ding bayan.” (Genesis 41:48 KJV) Hangga't may sapat, inipon ni Joseph ang trigo nang may totoong dedikasyon at kasiyahan, na ginagamitan ng karunungan ng Dios.

D. Maipakita ng pagtitiyaga sa paggawa ng bawat qawain sa bawat lugar na naaabot: Sa loob ng pitong taon na iyon, inipon ni Joseph ang lahat ng sobrang pagkain sa lupain ng Egipto at itinabi ito sa mga lungsod. Sa bawat lungsod, itinabi niya ang pagkain mula sa mga bukirin sa paligid nito. **“48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawat bayan ay inimbak sa bawat kinauukulan ding bayan.” (Genesis 41:48 KJV)** Kailangan nating ipagpatuloy ang pagbibigay ng motibasyon sa bawat miyembro, manggagawa, at pamilya sa simbahan upang kupkupon ang parehong ugali. Bukod dito, sa kaban ng simbahan, dapat may itinatanging reserba.

E. Huwag kailanman madaya ng mga panahong sagana at ihinto ang pag-iipon: **“49 At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang.” (Genesis 41:46-49 KJV)** Nang maraming biyaya sa paligid ni Jose at umuusong ang kasaganaan, hindi siya nalinlang ng iniisip na, ‘Ang dami naman, bakit ko pa kailangang manguha at mag-iipon?’ At may ilan pang magdaragdag ng pahayag na ito, ‘Gayon pa man, palagi namang nandiyan; kapag kailangan ko nito, kukunin ko na lang.’ Maraming tao ang hindi nangunguha at nag-iipon dahil nakikita nila ang dami at hindi nila pinaniniwalaan na balang araw, mawawala ang kasaganaan. Hindi nalinlang si Jose sa dami ng biyaya na kanyang nakikita sa kanyang harapan sa buong pitong taon ng kasaganaan. **Naniniwala ako na isa ito sa pinakakaraniwang dahilan na ibinibigay ng mga tao na ayaw mag-iipon dahil puno sa kanilang harapan ang kasaganaan, pero hindi nila alam na ang kasaganaan ay maaaring mawala mismo sa kanilang paningin magdamag lang.**

“53 At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain ng Egipto ay natapos. 54 At ang pitong taon ng kagutom ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose: at nagkagutom sa lahat ng lupain; datapuwa't sa buong lupain ng Egipto ay may tinapay.” (Genesis 41:53-54 KJV)

Sa kalaunan, mawawala rin ang kasaganaan at susubukin ng Dios ang bawat isa ayon sa ginawa nila sa kanilang pangangasiwa. Papayagan ng Dios na dumating ang taggutom at maging matindi ito upang malinaw na makita kung sino ang may ipon. At nangyari iyon nang ipinadala ng Dios ang taggutom noong panahon ni Jose; sa lahat ng lupain, kitang-kita ang taggutom maliban sa Egipto dahil nagsikap si Jose ng pitong taon. Nagtagumpay si Jose sa pagsubok sa paningin ng Dios, kaya sikapin natin sundan ang kanyang mga yapak upang matagumpay din tayong makapasa sa pagsubok. **Ang mga taong namumuhay nang may disiplina at tiyaga ay itatangi ng Dios mula sa mga walang ingat sa pamamagitan ng Kanyang mga taggutom; ang kanilang mabubuting pangangasiwa mismo ang magpapatunay para sa kanila. Maaaring hadlangan ng kawalan ng katarungan, katiwalian, at kasamaan ang mga tapat ng tao na mapuri at makilala, pero ang katapatan sa kanilang pangangasiwa ay sa huli'y magtatagumpay sa lahat ng masamang gawain laban sa kanila.**

“55 At nang ang buong lupain ng Egipto ay magutom, ay dumaing ng tinapay ang bayan kay Faraon: at sinabi ni Faraon sa lahat ng mga Egipcio, Pumaroon kayo kay Jose; ang kaniyang sabihin sa inyo ay inyong gawin.” (Genesis 41:55 KJV)

Talagang namumukod-tangi si Jose sa gitna ng karamihan nang dumating ang taggutom sa lupain ng Egipto. Inutusan ni Faraon ang lahat ng tao na lumapit sa kanya sa panahon ng taggutom na pumunta kay Jose at sundin ang kanyang mga utos. **Hindi lamang ang mga mabubuting tagapangalaga ang tunay na igagalang at pinakahanap-hanap sa panahon ng kakapusan, kundi magiging pinagkukunan din sila ng tulong para sa iba na walang makain. Papayagan ng Dios na dumaan sa lahat ng tao ang mga hirap at pagsubok; mahuhuli ang mga hindi tapat sa kanilang mapanlinlang na pangangalaga, ngunit ang mga tapat na tagapangalaga ay maningning. Kaya, unawain natin na walang makakaiwas sa hirap at pagsubok, ngunit sa iyong tibay ng loob, pagsisikap na mag-iipon, at pagtitiyaga na may kasamang karunungan ng Dios, malalampasan mo ito.**

“56 At ang kagutom ay nasa ibabaw ng buong lupa: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at nagbili sa mga Egipcio; at lumala ang kagutom sa lupain ng Egipto.” (Genesis 41:56 KJV) Ipinagbili ni Jose sa mga Egipcio ang mga inimbak niya sa mga kamalig. Kaya nakatanggap siya ng bayad para sa mga biniling ani. Dito makikita na hindi nasayang ang inipon ni Jose, kundi napalitan pa ito ng pera. Ang mga nag-iipon at nag-iimbak ay hindi mawawalan kapag nagkaroon ng kakulangan, bagkus makatatanggap sila ng kapaki-pakinabang na kita. Si Jose ay naging pinagpala sa buong lupain ng Egipto at malaking tulong siya sa mga tao sa panahon ng matinding kakulangan at dapat rin tayong maging ganito. **Ang mga nag-iisip na mag-iipon ay mga taong responsable na makakatulong sa ibang tao sa paligid nila, gaya ng pagtulong ni Jose sa mga Egipcio.**

“57 At lahat ng mga taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose upang magsibili ng trigo; sapagka't lumala ang kagutom sa buong lupa.” (Genesis 41:57 KJV) Hindi lamang ang Egipto ang nakinabang sa dakilang

proyekto ng Dios na sinimulan Niya sa pamamagitan ni Jose, isang taong masipag at disiplinado, kundi pati na rin ang ibang mga bansa. **Ang simbahan na nag-iipon at nagtuturo rin sa mga miyembro at sa kanilang pamilya na gawin ang parehong bagay ay malapit nang palawakin ang impluwensya nito sa ibang mga bansa.**

“1 Nabalitaan nga ni Jacob na may trigo sa Egipto, at sinabi ni Jacob sa kaniyang mga anak, Bakit kayo nangagtitinginan? 2 At kaniyang sinabi, Narito, aking narinig na may trigo sa Egipto: bumaba kayo roon, at bumili kayo roon ng sa ganang atin, upang tayo’y mabuhay at huwag mamatay.” (Genesis 42:1-2 KJV) Ang pamilya ni Jacob ay lumipat patungong Egipto dahil sa taggutom sa Canaan at sa pagkakaroon ng pagkain sa Egipto, salamat kay Jose sa kanyang matalinong pamamahala. Ang pangyayaring ito ay nagbunga sa muling pagkikita ni Jose sa kanyang mga kapatid at lalo na sa kanyang kapatid na si Benjamin at sa kanyang ama na si Jacob. Lahat sila ay nanirahan sa lupain ng Egipto sa paanyaya ni Jose upang makibahagi sa ‘kasaganaan’ sa gitna ng taggutom. **Kaya maaari nating sabihing ang pag-iimpok ay maaari ring maging mahalaga sa muling pagbubuo at pagkakaisa ng pamilya.**

Sa akin mahal at minamahal: Magpakumbaba tayo sa harap ng Dios at sa Kanyang Salita at maging handa na tumugon sa turo na natanggap natin sa mensaheng ito at simulang ayusin ang ating sarili upang magamit natin ang kasaganaan na ibinibigay ng Dios at simulang iipon ang ikalima nito sa sistematikong paraan upang maging handa tayo sa anumang taggutom na maaaring dumating sa hinaharap. Maging masipag tayo, maayos, at nagtatrabaho ng may pananampalataya upang maabot ang mabuting plano na Dios ay may para sa atin at sa Kanyang simbahan. Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako’y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat sa iyong nakapagpapatibay na Salita na nagtuturo sa akin na itabi ang isang-kalimang bahagi ng lahat ng ibinibigay Mo sa akin. Panginoon, salamat sa napakaraming pinagkukunang ipinagkaloob Mo sa akin at salamat sa lahat ng aral, pagtutuwid, at mga pangaral na natanggap ko sa mensaheng ito.

Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong masamang pamamahala at pagsasayang ng iyong mga pinagkukunan. Magsisi sa iyong kayabangan, pagiging mayabang, pagmamalaki at pagpapakita. Magsisi sa iyong makamundong pag-uugali, ang iyong pagmamahal sa materyal na bagay at ang hindi kinakailangang paggasta sa makamundong bagay. Magsisi sa iyong pagiging matigas ang ulo at ayaw tumanggap ng babala. Magsisi sa iyong ayaw mag-ipon. Ipahayag ang iyong katamaman at pagiging magulo. Ipahayag ang iyong kayabangan at ang ayaw makiisa sa Kanyang kalooban at sa plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong ayaw magtiis para kay Cristo at pagsilbihan Siya. Panginoon, nagsisisi at tinatalikuran ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa mga tuntuning aming natanggap mula sa Iyong Salita upang maging mabuting tagapamahala, magsimulang mag-ipon at tipunin ang labis na ipinagkaloob Mo sa akin at itabi para sa hinaharap. Panginoon, handa akong dumaan sa mabuting plano na mayroon Ka para sa akin at bumuo ng estratehikong nakalaan para sa hinaharap. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa paglilingkod sa Iyo at sa pagtitiis para sa Iyong adhikain sa paglilingkod sa Iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng mga tao.

Panginoon, salamat sa aking Mga Kapatid na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at handang sundin ang Iyong Salita at mamuhay sa uri ng pamumuhay na nais Mo para sa kanila, upang mag-ipon at maging handa para sa hinaharap at sa anumang taggutom na maaaring mangyari. Panginoon, palakasin Mo ang kanilang pananampalataya, bigyan Mo sila ng kasipagan at pagtitiyaga sa gawain, at gawin Mo silang masunurin upang patuloy na sumunod sa Iyo at maging mabuting halimbawa sa iba sa kanilang pamamahala.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan mo kami na patuloy na magturo tungkol sa pangangasiwa at sanayin ang mga miyembro ng simbahan at ang mga pamilya na patuloy na mag-ipon at pamahalaan nang maayos ang kanilang buhay at gastusin bilang paghahanda para sa hinaharap. Panginoon, bigyan mo kami ng pagkakaisa at tulungan kaming magtrabaho bilang isang koponan upang magawa iyon. Panginoon, gabayan mo kami sa pagtuturo sa mga bagong tao ng mga tuntuning itinuro sa mensahe ngayon na kailangan nila sa kanilang buhay. Panginoon, puspusin mo muli kami ng Banal na Espiritu at bigyan ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy sa pangangaral, gumawa ng bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang makapunta at magtanim ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at kapisanann para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagparito upang sumama kami sa iyo pagdating mo. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, ‘Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.’ Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa

kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com